

Mga Hakbang ng Nagano Prefecture Upang Hindi Kumalat ang COVID-19 (2)

2020 Abril 21

Inilabas ng Nagano Prefecture nitong Abril 17 ang 「Mga Hakbang sa Pagpigil ng Paglaganap ng COVID-19 sa Nagano Prefecture Kaugnay sa Deklarasyon ng State of Emergency」.

Ngunit mayroon pa ring pumupunta sa Nagano Prefecture mula sa mga siyudad na tulad ng Tokyo.

Kaya hiniling ng Nagano Prefecture na isara ang ilang lugar at huwag muna itong gamitin (isasarado nang pansamantala).

Ito ay ang mga lugar na posibleng puntahan ng mga tao at maaaring humantong sa pagkalat ng COVID-19.

Upang maprotektahan ang buhay ng mga residente ng Nagano Prefecture na siyang pinaka-mahalaga, hinihimok ang mga negosyante na makipagtulungan bagaman ito'y mahirap para sa kanila.

1. Saan?

Buong Nagano Prefecture

2. Mula at hanggang kailan?

2020 Abril 23 (kung posible mas maaga) ~ 2020 Mayo 6

3. Ano ang kahilingan at para kanino?

(1)

①Hiling ng pagsasarado sa mga sumusunod na lugar:

- Mga lugar ng entertainment (cabaret o night club <mga lugar kung saan nagkukuwentuhan ang mga customer habang kumakain at umiinom>, karaoke box, livehouse)

- Mga lugar na puwedeng mag-ehersisyo at maglaro (gymnasium, sports club, mahjong, pachinko at game center)

- Mga sinehan (playhouse o theater <mga lugar na pinapanood ang mga drama o play>)

②Hiling sa mga sumusunod na lugar na sukatin ang temperatura ng katawan at gumamit ng disinfectant upang disimpektahin ang mga kamay ng mga papasok.

- paaralan at kindergarten

- kolehiyo ▪ vocational school, driving school, cram school

- nursery, day-care center, nursing home

- ospital, pharmacy

- palengke, supermarket, department store,

home center, convenience store

- mansion, apartment, dormitory

- bus, taxi, train, eroplano

- factory

- banko, prefectural office, city hall, town/village hall
- diyaryo, kompanya ng telebisyon, funeral parlor, barber shop, beauty salon

③Hiling sa mga tindahang nagbebenta ng pagkain at alak na iklian ang oras ng pagbibigay ng serbisyo.

- restaurant , coffee shop

※Isarado ang tindahan mula 8pm hanggang 5am

※Mag-serve lang ng alak hanggang 7pm

(Ang serbisyo tulad ng delivery at take-out ng pagkain ay kahit anong oras).

(2) Ang mga sumusunod na lugar ay posibleng puntahan ng mga turista mula sa labas ng Nagano Prefecture kaya kung posible, pag-isipan kung maaaring isarado muna nang pansamantala. Ngunit kung imposible ito, hingiin ang permiso ng mga taong pumupunta na kuhanan ng body temperature at payuhang mag-disinfect ng kamay.

- museum, culture hall, aquarium, zoo
- hotel, ryokan o tradisyonal na Japanese inn, hot spring resort, golf course, amusement park

(3) Ang nabanggit sa itaas na (1) ①③, at mga kompanya na sakop ng (2) ay maaaring makatanggap ng perang suporta mula sa prefecture (subsidy ▪ assistance fund).

Mga Hakbang ng Nagano Prefecture para sa mga Taong nasa Mahirap na
Sitwasyon dahil sa Pagkasuspende ng Trabaho

【Subsidy para sa mga negosyanteng nakipagtulungan sa Nagano Prefecture na isarado nang pansamantala ang kanilang mga negosyo】

「Mula sa kooperasyon ng prepektura at mga siyudad para sa pakikipagtulungan sa COVID-19 prevention」: 300,000 yen

<Mga negosyanteng makakatanggap>

・ cabaret, night club, karaoke box, gymnasium, sports club, mahjong, pachinko, game center, theater, sinehan, restaurant, coffee shop

・ museum, hotel, golf course, mga lugar na pinupuntahan ng turista

※Mayroong pondo na maaaring matanggap o mahiram ang mga nagpapatakbo ng isang kompanya.

○ 「生活福祉資金緊急小口等特別貸付事業費」 (*Seikatsu Fukushi Shikin Kinkyū Koguchi tō Tokubetsu Kashitsuke Jigyō-hi*)

Maaaring makahiram ng 100,000 ang taong gipit dahil walang matanggap na sahod dahilan sa pagkasuspende ng trabaho.

○ 「住居確保給付事業費」: (*Jūkyo Kakuho Kyūfu Jigyō-hi*)

Maaaring makatanggap ng pondo ang isang taong hirap sa pagbayad ng upa ng bahay dahil sa bumaba ang kita dahilan sa pagkasuspende ng trabaho. Mag-iiba ang halaga ng pondong matatanggap ayon sa bilang ng miyembro ng pamilya.

○ 「文化芸術活動支援事業費」: (*Bunka Geijutsu Katsudō Shien Jigyō-hi*)

Maaaring kumunsulta ang mga artist na taga-Nagano at mga artist na nakabase ang trabaho sa Nagano.

※Tumawag sa consultation center na nakasulat sa ibaba, kung may kakilalang may problema.

【Konsultasyon sa telepono】 Nihongo: 026-235-7945 (7am~10pm)

Kung kailangan ng translator: 026-219-3068/080-4454-1899

Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center

Lunes~Biyernes, Una/Pangatlong Sabado:10am~6pm

Una/Pangatlong Miyerkules: Sarado

«Para sa mga taong nagpapatakbo ng isang kompanya»

○Maaaring makatanggap ng pondo (pera) kung ang income sa parehong buwan noong nakaraang isang taon ay bumaba nang mahigit sa 50%.

Ang isang kompanya ay posibleng tumanggap ng hanggang 2 milyong yen samantalang ang isang negosyong pinapatakbo ng isang indibidwal ay posibleng tumanggap ng 1 milyong yen.

○Maaaring makatanggap ng subsidy bilang tulong sa pagbabayad ng mga empleyadong kusang pinaliban o sinuspinde sa trabaho, o kyūgyō te-ate.

○Maaaring ipa-extend ang pagbabayad ng buwis hanggang sa isang taon kung ang income ng kompanya ay bumaba.

○Ang pamahalaan ng Japan ang makikipag-usap sa may-ari ng gusali o building na inuupahan ng kompanya na maghintay sa pagbabayad ng upa.

«Para sa mga nakatira sa Japan»

○Makakatanggap ng 100,000 yen ang bawat rehistradong miyembro ng pamilya.

(Ang mga residenteng may 3 buwan at mahigit na pamamalagi (visa) at rehistrado sa Basic Resident Registry lamang ang makakatanggap.

Ngunit hindi nito sakop ang may hawak ng short-term visa.)

○Maaaring makatanggap ng 100,000 yen ang bawat miyembro ng pamilya na may edad mula 0~hanggang junior high school.

【Konsultasyon sa Telepono】

Tumatanggap ng kahit na anong konsultasyon.

Tumawag kung may problema tungkol sa isang bagay.

026-219-3068/080-4454-1899

Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center

Lunes~Biyernes, Una at Ikatlong Sabado 10am~6pm

※Sarado Tuwing Una at Ikatlong Miyerkules

【Mga wikang maaaring gamitin sa pagkonsulta】

Chinese, Portuguese, Tagalog, Korean, Vietnamese, Thai, English, German, Bahasa Indonesia, Spanish, Nepalese, Bahasa Melayu, Myanmar (Burmese), French, Khmer